

PARA SA AGARANG PAGLABAS

## **Sinusuportahan ng Brampton ang proyektong Campus ng Long-Term Care para sa mga Senior**

BRAMPTON, ON (Marso 10, 2021) – Binigyang kapangyarihan ng Konseho ng Lungsod ang staff na pumasok sa (mga) kontrata sa pangungupahan para sa hanggang limang acre ng lupain sa Flower City Community Campus, sa Golden Age Village for The Elderly (GAVE), para magtayo ng nagsasaling Campus of Care bilang suporta sa pangmatagalang pangangalaga para sa mga senior sa Brampton.

Ang pasilidad ng Campus of Care ay maglalakip ng dalawang gusali na may modernong 160-kama ng long-term care home at isang 140-unit ng abot-kayang unit ng pabahay, Ang Campus of Care ay babawas sa presyur sa health care system sa pamamagitan ng pagpapanatili sa mga senior na ligtas at malusog sa kanilang sariling mga tahanan, habang nagbibigay ng iba't ibang uri ng pamumuhay at suporta na nagpapapossible sa paninirahan sa komunidad nang malaya.

Bilang isang rehistradong charity, ang misyon ng GAVE ay para makatulong na tugunan ang seryisong krisis ng pabahay sa Ontario para sa mga senior at para magbigay ng independiyenteng pamumuhay at pangmatagalang pangangalaga na nagtataguyod ng masana, malusog, at nakakakuntentong uri ng pamumuhay para sa mga senior at sa iba pa sa pamamagitan ng diverse na pangkultura, heritage, panrelihiyon at panlipunang mga aktibidad.

Unang inaprubahan ng Konseho ng Lungsod ng Brampton ang pagtalaga ng lupain sa GAVE para sa terminong 50 taon para i-develop ang Campus of Care, noong Pebrero 26, 2020.

Ang Ministry of Long-Term Care ng Ontario ay lumilikha ng 15,000 bagong kama sa long-term care para dagdagan ang access sa long-term care at makatulong na mawakasan ang pangangalaga sa kalusugan sa pasilyo, sa pamamagitan ng pagdagdag ng 7,000 pang mga kama sa long-term care na tinatarget na matapos sa 2023.

### **Mga Quote**

“Ang Lungsod ng Brampton ay dedicated sa pagsuporta sa ating mga senior na nagsakripisyo ng kanilang mga buhay para mabigyan ang kanilang mga anak, mga apo, ng kalayaan at mas mabuting buhay sa Canada. Sa pamamagitan ng mga organisasyon tulad ng Golden Age Village for the Elderly, nagagawa ng ating mga senior na mag-enjoy sa kanilang gintong mga taon sa ginhawa at seguridad.”

- *Patrick Brown, Mayor, Lungsod ng Brampton*

“Ang pagpapaupa sa lupaing ito sa Flower City Community Campus sa Golden Age Village para sa mga Matatanda ay nagpapakita na committed ang Lungsod sa pagsuporta sa long-term care at sa pagdagdag sa pang-ekonomiyan pag-unlad ng ating komunidad. Bilang lokal na Rehiyonal na Konsehal at Chair of Human Services ng Peel, ikinagagalak ko ang commitment ng Golden Age Village sa Brampton at natutuwa ako na inaprubahan ng Konseho ng Lungsod ang pagpapasulong nitong mahalagang proyekto ng abot-kayang pabahay sa Ward 4.”

- *Martin Medeiros, Rehiyonal na Konsehal, Wards 3 at 4; Chair, Planning and Development, Lungsod ng Brampton; Chair, Human Services, Rehiyon ng Peel*

“Ang pagkakaroon ng Campus of Care ay makakatulong sa pagbawas ng presyur sa sistema ng ating health care sa pananatili sa ating mga senior na ligtas at malusog sa isang lugar na matatawag nilang tahanan. Ang pagkakaroon ng modernong 160-kama na long term-care home at 140-unit ng abot-kayang pabahay para sa mga senior sa ward na ito ay isang kagalak-galak na dagdag sa Ward 4 na nagtitiyak sa mga senior ng Brampton at magkakaroon ng abot-kayang lugar na matatawag na tahanan.”

- *Jeff Bowman, Konsehal ng Lungsod, Wards 3 at 4, Lungsod ng Brampton*

“Ang proyektong ito ay direktang sumusuporta para sa pinaka-mahihinang residente sa ating Lungsod at ang epekto sa lipunan-ekonomiya nitong pasilidad ng Campus of Care ay susuporta sa pagbangon sa ekonomiya ng Lungsod sa pamamagitan ng paglikha ng mga trabaho sa Lungsod ng Brampton sa maraming sektor kabilang ang konstraksyon, information technology at long-term care. Ikinagagalak namin na umabante nitong mahalagang pagtutuwangan na naghahatid ng kailangang mga suporta sa komunidad ng ating mga senior.”

- *David Barrick, Pinunong Administrabong Opisyal, Lungsod ng Brampton*

-30-

**Bilang isa sa napakabilis na lumalaking lungsod sa Canada, ang Brampton ay tahanan ng higit sa 700,000 tao at 75,000 negosyo.** Ang mga tao ang nasa gitna ng lahat ng ginagawa natin. Napapalakas tayo ng ating diverse na mga komunidad, hinihikayat natin ang pamumuhunan, at sinisimulan natin ang isang paglalakbay para pangunahan ang teknolohikal at pangkapaligirang inobasyon. Nakipag-partner tayo para sa pag-unlad upang magtayo ng isang nakalulusog na lungsod na ligtas, sustainable at matagumpay. Kumonekta sa amin sa [Twitter](#), [Facebook](#), at [Instagram](#). Alamin ang higit pa sa [www.brampton.ca](http://www.brampton.ca).

**KONTAK NG MEDIA**

Monika Duggal  
Coordinator, Media at Pakikilahok sa Komunidad  
Strategic na Komunikasyon  
Lungsod ng Brampton  
905-874-3426 | [Monika.Duggal@brampton.ca](mailto:Monika.Duggal@brampton.ca)